



MGA KATUWANG SA KOMUNIDAD



Down Syndrome Achievement Centers
Advocates of Hope & Inclusion



AT MARAMI PA



KONTAKIN ANG ISANG REPRESENTATIVE

BlueEnvelopeProgram@sdsheriff.gov

sdsheriff.gov/blueenvelope

SAN DIEGO COUNTY

PROGRAMANG BLUE ENVELOPE



LAYUNIN

Ang layunin ng programa ay isulong ang pagiging kabilang at pinahusay na komunikasyon at accommodation sa pagitan ng nagpapatupad ng batas, mga serbisyong pang-emergency, at mga tauhan ng mga serbisyo sa komunidad at mga miyembro ng komunidad na may kondisyon o kapansanan kung saan makakatulong ang mga karagdagang accommodation o kamalayan.



I-scan ang QR code para alamin pa at para maghanap ng mga kalahok na lokasyon para kunin ang libreng materyal ng Programang Blue Envelope.



OUTREACH MATERIAL NG BLUE ENVELOPE

Makukuha nang libre ang mga sumusunod na item sa mga kalahok na lokasyon:

- Blue Envelope
- Card ng Impormasyon na Inilalagay sa Pitaka
- Mga Lanyard
- Mga Seat Belt Cover
- Button Pin
- Mga Ribbon
- Mga Key Chain
- Mga Pulseras
- Mga Sticker

TUNGKOL SA PROGRAMANG BLUE ENVELOPE

Ipinagmamalaki ng San Diego County na ibigay ang Programang BLUE Envelope. Dinisenyo ang programa para isulong ang pagiging kabilang at magsilbi bilang pinahusay na tool sa kamalayan sa komunikasyon sa pagitan ng mga opisyal ng nagpapatupad ng batas at mga miyembro ng komunidad na na-diagnose na may kondisyon o kapansanan tulad ng mga accommodation o kamalayan sa panahon ng pakikipag-ugnayan sa nagpapatupad ng batas.

Dinisenyo ang programa sa pakikipagtulungan sa pagitan ng Departamento ng mga Sheriff ng San Diego, ang Board of Supervisors ng San Diego County, mga organisasyon ng katuwang sa komunidad, at ang Samahan ng Mga Hepe ng Pulisya at Mga Sheriff ng San Diego County.

PAANO ITO

Ang Programang Blue Envelope Program ay pinahihintulutan ang indibiduwal na handang ipakita ang logo ng Blue Envelope o ipakita ang Blue Envelope kapag nakipag-ugnayan sa nagpapatupad ng batas o iba pang tauhan ng serbisyo sa komunidad.

Ang may brand na mga produkto ng Blue Envelope ay maaaring may laman na pagkakakilanlan ng indibiduwal, impormasyon sa pakikipag-ugnayan o mahalagang mga dokumento sa pagpapatakbo ng sasakyan tulad ng rehistro ng sasakyan at patunay ng insurance.

Ang Programang Blue Envelope ay walang nilalaman na registry, kaya, ang lahat ng nilalaman ng programa ay boluntaryo at ipinapatupad kaagad.

Para kunin ang iyong libreng materyal ng Programang Blue Envelope, bisitahin ang kalahok na ahensya ng nagpapatupad ng batas, organisasyon ng katuwang sa komunidad, o pasilidad ng County ng San Diego.

Para alamin pa, panoorin ang video ng Programang Blue Envelope:

